## KUMUSTA ANG MGA LGBTQIA+ SA WORKPLACE?[1]

Lahat ng tao ay may karapatang magtrabaho nang **walang diskriminasyon o takot na masaktan, mapahiya o husgahan**. Lahat tayo ay tao at lahat tayo ay pantay-pantay.

### ANO ANG MGA KARANIWANG NEGATIBONG KARANASAN NG MGA LGBTQIA+ SA TRABAHO?



1. **Pag-insulto** o hindi naaayong pagbibiro sa mga LGBTQIA+
2. **Pagtsismis** at paninira sa reputasyon ng LGBTQIA+ na katrabaho
3. **Malisyosong komento at pagkutya** hinggil sa pananamit, pananalita, at pagkilos
4. **Pagkait ng benepisyo** na natatanggap naman ng iba sa kadahilanang LGBTQIA+[2]

### WALANG ASENSO

Sa **bawat aspeto** ng employment cycle, mula sa recruitment hanggang sa performance evaluation, nakakaranas ang mga LGBTQIA+ ng **mga hadlang sa disenteng trabaho**. Dahil dito, sila ang patuloy na naghihirap at nakararanas ng **social exclusion o marginalisasyon** at **mababang kalidad ng kalusugan.**

### WALANG "ALLY" SA TRABAHO

**80%** porsyento ng nagtatrabahong LGBTQIA+ **na walang-pagsusumbungan o hindi nakakaalam sa mekanismo** ng pagreklamo kapag nakaranas ng diskriminasyon sa trabaho.

### WALANG PROTEKSYON

Hanggang hindi pa naisasabatas ang SOGIE Equality Bill, **wala pang batas sa bansa na nagpoprotekta** laban sa diskriminasyon batay sa gender expression

Walang pag-unlad kung saan walang pagkakapantay-pantay.



[1] Hango sa findings ng International Labour Ourganization at United Nations Development Programme (UNDP) na pinamagatang "LGBTI People and Employment", ang unang systematic study na pinag-aralan ang mga anyo at lawak ng diskriminasyon na base sa SOGIESC sa Tsina, Pilipinas, at Thailand.
[2] Galing sa FGD at surveys na isinagawa ng Rainbow Rights Philippines.



**@iamhearte** Follow

Ang **pagkakapantay-pantay ay lahat-lahat.** Buo ang aking suporta sa SOGIE Equality Bill at sa karapatan at kapakanan ng komunidad ng LGBTQIA+. Ang munti ay nakabubuo ng malaki. Wala nang hahalaga pa sa pagbibigay natin ng suporta.


Translated from English; Original post from https://www.instagram.com/iamhearte



**@praybeytbenjamin** Follow

**Nakakakaawa yung mga LGBTQIA+ na napagkakaitan ng karapatan dahil sa kanilang gender identity.**
At nakakaawa rin yung mga ignorante na napagkakaitan ng kaalaman kaya nakakatapak ng karapatan.

Translated from English; Original post from https://www.twitter.com/vicegandako



**@catriona_gray** Follow

**Perwisyo ang maling saloobin na ang isyung LGBTQIA+ ay para lamang sa mga LGBTQIA+.** Iniisip ng iba na hindi sila kasali, pang-LGBTQIA+ lang iyan. Kailangan nilang matanggap na hindi ito laban ng mga espesyal na pribilehiyo, ngunit laban para sa pantay na karapatan. Dito makikita na napakahalaga ng boses ng mga kakampi.

Translated from English; Original post from https://www.instagram.com/catriona_gray

RAINBOW RIGHTS PHILIPPINES · The Asia Foundation · EMERGE

*I-share ang brochure na ito sa iba*

*Panoorin ang advocacy video dito*

## Ano ang Ally?

1. Mga taong aktibong **umaalalay sa mga minorya**, kahit hindi sila miyembro ng grupo
2. Mga mapagkawanggawa na nag-aalay ng kanilang lakas at panahon para labanan ang diskriminasyon

**Ally ka rin ba?**

# ALLY, ALALAY

### MGA NILALAMAN


Paano maging "ally"?
Para sa LGBTQIA+ lang ba ang SOGIE Equality Bill?

# Tunguhin natin ang pagkakapantay-pantay! Mga ally, halina't mag-practice!

## HETO ANG MGA TIPS!



**Alamin ang mga SOGIE na hindi katulad ng sa iyo.** Mag-Google, magbasa ng mga artikulong may kredibilidad, o makipagkuwentuhan sa mga LGBTQIA+ advocate.




Alamin mo kung ano ang mga **paraan para makitungo nang maayos sa kapwa tao** tulad na lang ng paggamit ng *preferred name at pronouns*.




**Huwag magbiro** at **huwag** hayaan na **gawing katatawanan** ang mga LGBTQIA+.



**Huwag mag-assume.**
Hayaan mong sila ang magsabi kung sila ay bakla, tomboy, o hindi.



**Respeto lang.** Galangin ang isa't isa at iwasang humawak o sumalat ng mukha, buhok, parte ng katawan o damit nang walang pahintulot.



**Ipangalandakan ang pagiging ally.** Ipaalam sa iba kung paano maging ally sa araw-araw.



Image of the Pope taken by Ashwin Vaswani at the Vatican City, September 29, 2018. Used under Unsplash license.

Kung ang isang tao ay bakla at hinahanap niya ang Panginoon at may mabuti siyang kalooban, sino ako para husgahan siya?"

"If someone is gay, who searches for the Lord and has goodwill, who am I to judge?"

– Pope Francis ♥

*Pope Francis' statement lifted from an interview with reporters in 2013.

## MGA MADALAS NA TANONG TUNGKOL SA SOGIE

**Para saan ba ang SOGIE Equality Bill?**

Ang **SOGIE Equality Bill** ay panukala para masigurado na **ang lahat ng tao, bakla man o hindi, ay may pantay-pantay na karapatan.** Lahat ng Pilipino ay may karapatan na hindi makaranas ng diskriminasyon, pang-aabuso, pangungutya o paninirang-puri.

**Para lamang ba sa mga LGBTQIA+* ang SOGIE Equality Bill?**

SOGIE ang daglat para sa **S**exual **O**rientation, **G**ender **I**dentity, and **G**ender **E**xpression. **Lahat ng tao ay may SOGIE.** Ibig sabihin, **protektado ang lahat, kahit hindi ka bakla o tomboy.** Kapag ikaw ay makakaranas ng diskriminasyon base sa iyong kasarian o sakaling mapagkakamalang bakla o tomboy, ang SOGIE Equality Bill ang poprotekta sa iyo.

**Kapag naipasa na ba ang SOGIE Equality Bill, hindi na masusunod ang mga patakaran ng mga eskwelahan at mga employer?**

Hindi. Ang SOGIE Equality Bill ay isinusulong para **igalang ang lahat ng estudyante at empleyado** ano man ang kanilang kasarian, at **para masiguradong patas, pantay-pantay, at makatarungan ang mga patakaran para sa lahat.**

***LGBTQIA+ :** **L**esbian, **G**ay, **B**isexual, **T**ransgender, **Q**ueer, **I**ntersex, and **A**sexual.
Ang plus (+) ay kumakatawan sa lahat ng iba pang pagkakakilanlan na hindi nakasama sa acronym.